



English  
Tagalog

# THE MESSAGE OF THE CROSS

For Children  
and Youth

ANG MENSAHE NG KRUS PARA  
SA MGA ANAK AT KABATAAN

Maria T.Nagel



YouTube: [https://www.youtube.com/channel/UCen8re18TEWkN9yjP\\_1JBkA/playlists](https://www.youtube.com/channel/UCen8re18TEWkN9yjP_1JBkA/playlists)

Facebook: <https://www.facebook.com/maria.hebga>

Instagram: <https://www.instagram.com/mariagrace333/>

PayPal: [PayPal.Me/MariaTNagel](https://www.paypal.com/paytoemail?email=maria@t-nagel.com)

## **THE MESSAGE OF THE CROSS FOR CHILDREN AND YOUTH**

Copyright © 2019 by Maria T. Nagel. All rights reserved. No portion of this book may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means, except for brief quotations in printed reviews, without prior permission from the author. Requests for information should be addressed to the author:

blessed-books@outlook.com  
www.iBless.it

Text, illustrations and book design by Maria T. Nagel.

Editing by ChristianEditingServices.com.  
Self-published through Blurb, Inc. 2019

Tagalog translation by Ma. Magdalena Lava.

### **DISCLAIMER**

The featured images are artistic expressions of the illustrator and therefore not intended to be used as religious objects of worship or veneration.

### **PAUNAWA**

Ang mga itinatampok na larawan ay masining na pagpapahayag ng ilustrador at samakatuwid ay hindi nilalayong gamitin bilang relihiyosong mga bagay ng pagsamba o paggalang.

# **THIS COPY IS NOT FOR SALE**



A very long time ago Father God was sitting on His throne in heaven with a concerned look on His face. His only Son, Jesus, bowed before Him and asked, "Father, what is the matter?"

Father God answered, "Oh, my beloved Son, my heart hurts whenever I look down from heaven and see the people on earth doing bad things."

Jesus nodded. "I know it brings you great pain, Father."

Matagal na panahon na ang nakaraan, ang Diyos Ama ay nakaupo sa kanyang trono sa langit na may itsurang pagmamalasakit sa Kanyang mukha. Ang kanyang tanging Anak, si Hesus, ay yumuko sa Kanyang harap at nagtanong, " Ama, ano po ang problema ? "

Ang Diyos Ama ay sumagot, " O, aking mahal na Anak, ang aking puso ay nasasaktan tuwing ako ay tumitingin pababa mula sa langit at nakikita ang mga tao sa mundo na gumagawa ng mga masasamang bagay. "

Tumango si Hesus. " Alam ko pong nagdadala ito sa inyo ng matinding sakit, Ama. "



"Some of them believe I don't even exist."  
A single tear trickled down Father God's cheek.

"It breaks my heart even more to know many of them will not come and live with me in heaven when their time on earth ends."

"The people on earth know what is good but so often seem to choose what is bad," Jesus replied. "We have already sent so many messengers to talk to them."

"I know, my Son. Many of them love darkness more than light."

Father God brushed the tears from His eyes.


" Ang ilan sa kanila ay naniniwala na hindi ako nabubuhay. " Isang patak ng luha ang tumulo pababa sa pisngi ng Diyos Ama.

" Mas lalong nadudurog ang aking puso na malamang marami sa kanila ang hindi darating at mabubuhay kasama ko sa langit kapag ang kanilang panahon sa mundo ay natapos. "

" Ang mga tao sa mundo po ay alam kung ano ang mabuti subalit sobrang dalas na parang ang kanilang pinipili ay kung ano ang masama, " sagot ni Hesus. " Nagpadala na po tayo ng sobrang daming mga mensahero para kausapin sila. "

" Alam ko, aking Anak. Marami sa kanila ang mas mahal sa kadiliman kaysa sa liwanag. "

Pinahiran ng Diyos Ama ang mga luha paalis sa kanyang mga mata.





“Father, your prophets have told them how much you love them and that you can help them, no matter what problem they are facing.”

Jesus thought for a moment in silence and then continued.

“They were also warned that bad behavior must be punished, but even with all this, they refuse to change. What else can we do?”

“ Ama, ang inyo pong mga propeta ay nagsabi sa kanila kung gaano ninyo sila kamahal at kaya po ninyo silang tulungan, kung anong problema man ang kanilang hinaharap. ”

Tahimik na nag-isip nang saglit si Hesus at pagkatapos ay nagpatuloy.

“ Sila rin po ay binalaan na ang masamang asal ay kailangang parusahan, subalit sa kabila ng lahat ng ito, tumatanggi po silang magbago. Ano pa po ang maaari nating gawin ? ”

"Should we send another messenger?" Jesus asked.

"Dapat po ba tayong magpadala ng isa pang mensahero ? "  
tinanong ni Hesus.





"I don't want to send messengers every year."

Father God held up one finger.

"I know exactly what to do."

"What will you do, Father?"

" Ayokong magpadala ng mga mensahero sa bawat taon. "

Nagtaas ng isang daliri ang Diyos Ama.

" Alam ko eksakto kung ano ang gagawin. "

" Ano po ang inyong gagawin, Ama ? "



"I will do something new. Instead of saving only a few, I will save all the nations of the world."

" Mayroon akong gagawing isang bagay na bago. Sa halip na ililigtas ang iilan lamang, ililigtas ko ang lahat ng bansa sa mundo. "

"How, Father?" Jesus asked.

"I need someone who is willing to be punished for the sins of the entire world."

Jesus peered deeply into his Father's eyes.

"I think I understand your plan."


"It must be someone I deeply trust. Someone who is innocent and pure like a spotless lamb."

" Paano po, Ama ? " Tinanong ni Hesus.

" Kailangan ko ng isang taong papayag na parusahan para sa mga kasalanan ng buong mundo. "

Si Hesus ay sumilip nang malalim sa mga mata ng kanyang Ama. " Sa tingin ko po ay aking naiintindihan ang inyong balak. "

" Ito dapat ay isang taong aking labis na pinagtitiwalaan. Isang taong inosente at dalisay tulad ng isang walang dungis na tupa. "



"Father, send me."

Jesus knelt before His Father and pleaded,  
"Let me be the Lamb who will take away their sins."

The sad look on God's face completely disappeared and was replaced by a smile.

"Oh, my Son, my heart is now rejoicing! I will send you. Whoever listens to you and repents of their sins, will be forgiven."

" Ama, ipadala po ninyo ako."

Lumuhod si Hesus sa harap ng Kanyang Ama at nakiusap,  
" Hayaan po ninyo ako ang maging Tupa na mag-aalis ng kanilang mga kasalanan. "

Ang malungkot na itsura sa mukha ng Diyos ay lubusang nawala at napalitan ng ngiti.

" O, aking Anak, ang puso ko ay nagagalak ngayon ! Ipapadala kita. Sinuman ang makikinig sa iyo at magsisisi sa kanilang mga kasalanan, ay patatawarin ko. "





“And we will build them beautiful homes where they can live with us forever.” Jesus threw His arms around His Father’s neck.

“Oh, Father, you are so good and make the unthinkable possible.”

After a long hug, Father God said,

“Now listen, my Son. Because you will receive the punishment for the people of this generation and all the generations to come, the punishment will be very painful.”


“ At igagawa natin sila ng magagandang mga tahanan kung saan maaari silang tumira kasama tayo magpakailanman. ”

Inilapat ni Hesus ang kanyang mga braso palibot sa leeg ng Kanyang Ama.

“ O , Ama, kayo po ay nakapakabuti at ginagawa ninyong posible ang hindi naiisip. ”

Matapos ang matagal na pagyakap, sinabi ng Diyos Ama ,

“ Ngayon makinig ka, aking Anak. Dahil tatanggap ka ng parusa para sa mga tao sa henerasyong ito at sa lahat ng darating na mga henerasyon, ang parusa ay magiging napakasakit. ”



"I think I understand the price."

Jesus stared through the portals of heaven and caught a glimpse of the earth.

"I will also be punished for the sins of those who will be born in the future and do bad things in the future?"

"Yes, that's correct, my Son."

Father God placed his arm around Jesus's shoulder.

"You must also become a human being like them. It is the only way to teach them what they need to learn."

"Yes, Father."

Jesus thought of all the people in need of His Father's help. Then He asked,

" Sa tingin ko po ay aking naiintindihan ang halaga. " Tumitig si Hesus sa pamamagitan ng mga lagusan ng langit at nasulyapan ang mundo. " Ako rin po ay paparusahan para sa mga kasalanan ng mga taong isisilang sa kinabukasan at gagawa ng masasamang mga bagay sa hinaharap ? "

"Oo, tama iyan, aking Anak. " Inilagay ng Diyos Ama ang kanyang braso palibot sa balikat ni Hesus. " Ikaw ay dapat ding maging tao na tulad nila. Ito ang tanging paraan para maturuan sila ng dapat nilang matutunan. "

" Opo, Ama. "

Inisip ni Hesus ang lahat ng mga taong nangangailangan ng tulong ng kanyang Ama.Pagkatapos ay nagtanong Siya,



"Father, may I ask how I will be punished?"

Father God clutched Jesus's hands and answered,

"My beloved Son, your body will go through a lot of pain." God pointed to Jesus's hands and feet. "Your hands and feet will be nailed to a cross."

"I understand. I must be wounded so they can be healed." Jesus looked at His hands.

" Ama, maaari ko po bang tanungin kung paano po ako paparusahan ? "

Hinawakan nang mahigpit ng Diyos Ama ang mga kamay ni Hesus at sumagot,

" Aking mahal na Anak, ang iyong katawan ay daranas ng maraming kirot. " Itinuro ng Diyos ang mga kamay at paa ni Hesus. " Ang iyong mga kamay at paa ay ipapako sa isang krus. "

" Naiintindihan ko po. Kailangan ko pong masugatan upang sila ay gumaling. " Tiningnan ni Hesus ang Kanyang mga kamay.



"You will die a painful death on a cross."

"I must go through pain so their pain can be taken away, and I must be nailed to a cross so their sins can be nailed to the cross."

"That's right. And three days after your death, I will raise you back to life."

"I will be raised back to life, so they can have a new life."

" Papanaw ka sa isang masakit na kamatayan sa krus. "

" Kailangan ko pong dumaan sa kirot upang ang kanilang sakit ay maalís, at kailangann ko pong maipako sa isang krus upang ang kanilang mga kasalanan ay maaaring ipako sa krus. "

" Tama iyan. At tatlong araw matapos ang iyong kamatayan, muling kitang bubuhayin. "


" Ako po ay bubuhaying muli, upang sila ay magkaroon po ng bagong buhay. "

Father God lifted His arms triumphantly.

“And you will live forever so they can live eternally as well! The cross will then become a symbol of my love and hope for all humanity. The cross will also become a symbol for you—Jesus the Messiah—who comes to give, heal, and restore.”

Matagumpay na iniangat ng Diyos Ama ang Kanyang mga bisig. “ At ikaw ay mabubuhay magpakailanman upang sila rin ay mabuhay nang walang hanggan. Sa gayon ang krus ay magiging sagisag ng pagmamahal ko at pag-asa para sa lahat ng sangkatauhan. Ang krus ay magiging sagisag rin para sa iyo – Hesus ang Mesiyas- na dumarating upang magbigay, magpagaling at magpanumbalik. ”





Jesus is alive and loves you very much.  
Si Hesus ay buhay at mahal na mahal ka.

Readers will get a peek behind the scenes of heaven into Father God's tender heart when He talks to his only Son about a plan to redeem the people He loves so much. Children will have a deeper understanding about Jesus's mission to teach, heal, and save us so we can one day live with him forever in heaven.

This Christian picture book is a wonderful resource for families, churches, Sunday schools, homeschoolers, and Christian educators hoping to teach the younger generation about Jesus's death on the cross.

The inspirational Christian art hits the heart and beautifully complements the truth the book delivers.

Ang mga mambabasa ay magkakaroon ng pagsilip sa mga eksena sa likod ng langit sa loob ng malambot na puso ng Diyos Ama kapag Siya ay nakikipag-usap sa kanyang kaisa-isang Anak tungkol sa balak na tubusin ang mga taong mahal Niya nang sobra. Ang mga bata ay magkakaroon ng mas malalim na pang-unawa tungkol sa misyon ni Hesus na turuan, pagalingin, at iligtas tayo para isang araw ay mabuhay tayo kasama siya sa langit magpakailanman.

Ang Kristiyanong aklat ng larawang ito ay kahanga-hangang yaman para sa mga pamilya, simbahan, Panlinggong paaralan, nag-aaral sa bahay, at mga Kristiyanong tagapagturo na umaasang matuturuan ang henerasyon ng kabataan tungkol sa kamatayan ni Hesus sa krus.

Ang nakakapagbigay inspirasyong sining ng Kristiyano ay tinatamaan ang puso at magandang nagdudulot ng kaganapan sa katotohanang inihahatid ng aklat.